

Botulismo



Ang botulismo ay isang seryosong sakit na nakapapapalisa sa iyong mga kalamnan. Ang sanhi nito ay bakterya. May 3 pangunahing uri ng botulismo:

- Botulismo sa pagkain,
- Botulismo sa sanggol, at
- Botulismo sa sugat.

Paano ako makakukuha ng botulismo sa pagkain?

Kung ikaw ay kumain ng pagkain na nakontamina, maaari kang makakuha ng botulismo. Karamihan ng mga tao ay magkakasakit sa loob ng 12–36 oras. Ngunit minsan umaabot ito ng 2 linggo.

Kung marami sa mga taong kumain ng parehong pagkain ay magkakasakit, maaaring nakontamina ang pagkain. Kung mangyayari ito, mag-iimbestiga ang mga opisyal sa kalusugan. Posibleng mga terorista ang naglagay ng mga bakteryang ito sa pagkain.

Sino ang maaaring makakuha ng botulismo sa sanggol?

Ang mga sanggol, lalong lalo na ang mga 6 na buwang gulang o mas bata, ay maaaring makakuha ng ganitong sakit mula sa nakontaminang pagkain o alikabok. Ang mga sanggol na hindi pinasuso at ang mga sanggol na kumakain ng pulut-pukyutan ay mas malamang na makakuha ng botulismo sa sanggol.

Paano ako makakukuha ng botulismo sa sugat?

Kung ang bakterya ay mapunta sa lantad na sugat o hiwa, maaari mong makuha ang sakit na ito.

Ang botulismo ba ay nakahahawa?

Hindi. Hindi ka makakukuha ng botulismo mula sa ibang tao.

Paano ko mahahadlangan ang botulismo?

Sa karamihan ng kaso, maaari mong mahadlangan ang botulismo sa pamamagitan sa paggawa ng mga ganitong bagay:

- Iwasan ang di-wastong pagkadelata o sirang pagkain,
- Linisin ang mga sugat nang mabuti, at
- Huwag pakainin ng pulut-pukyutan ang mga sanggol.

Ano ang mga sintomas ng botulismo?

Maaaring magkaroon ka ng:

- Problema sa mga mata, kagaya ng doble o malabong paningin at lumalaylay na mga talukap ng mata,
- Hindi maliwanag na pananalita,
- Problema sa paglunok, natutuyong bibig, at
- Panghihina ng mga kalamnan na nag-uumpisa sa iyong mga balikat o mga braso, at bababa sa iyong katawan.
- Ang iyong panghingang mga kalamnan ay maaaring mapapalisa. Maaari kang huminto sa paghinga at mamatay.

Maaari ba akong mamatay sa botulismo?

Oo. Kung hindi ka kumuha ng tulong kaagad, maaari kang huminto sa paghinga at mamatay.

Kung ikaw ay kaagad na humingi ng tulong, maaaring ikaw ay manumbalik sa iyong kalusugan. Kung ang iyong mga baga ay hindi na gumagana, mangangailangan ka ng makinang pantulong sa paghinga upang matulungan kang huminga. Maaaring abutin ng ilang linggo o buwan upang manumbalik sa kalusugan.

Paano kung sa aking palagay ako ay mayroong botulismo?

Tawagan ang iyong doktor o ospital **kaagad**. Maaari ka nilang bigyan ng espesyal na gamot. Kung iinumina mo ito sa sandaling ikaw ay magkasakit, maaaring matutulungan ang iyong mga sintomas.



Para sa karagdagang impormasyon...

Tumawag sa (Centers for Disease Control) para sa impormasyon sa Tagalog:

800-CDC-INFO (800-232-4636)
888-232-6348 (TTY)

O bisitahin: www.bt.cdc.gov/agent/botulism
www.dhs.ca.gov/epo